



# Libro Terrestium de **SATOR** Coronados

Ang Aklat na ito ay naglalaman ng mga sumusunod:

- 1) Panalangin sa **SATOR** Coronados ..... (pahina 3 – 4)
- 2) Kasaysayan ng **SATOR** ..... (pahina 5 – 7)
- 3) Mga Basag ng **SATOR** ..... (pahina 8 – 12)
- 4) 25 Susi ng **SATOR** – 1 ..... (pahina 13)
- 5) 25 Susi ng **SATOR** – 2 ..... (pahina 14)
- 6) Banal na Basag ng **SATOR** ..... (pahina 15)
- 7) 25 Pangalan ng Dios na nakapaloob sa **SATOR** ..... (pahina 16)
- 8) Mga Anghel na nakapaloob sa **SATOR** ..... (pahina 17)
- 9) Testamento del Cinco Vocales ..... (pahina 18 – 53)
- 10) Pambakod sa Sarili ..... (pahina 54)
- 11) **SATOR** ng mga **SATOR** ..... (pahina 55 – 59)
- 12) Pagtawag sa Mga Mabubuting Espiritu ..... (pahina 60)
- 13) Mga **SATOR** na Nagkakaloob ng Kapangyarihan ..... (pahina 61 – 63)
- 14) **SATOR** ng Mahal na Virgen ..... (pahina 64)
- 15) Mga Pangalan ng Dios na pa-**SATOR** ..... (pahina 66 – 67)
- 16) **OX** ng **SATOR** ..... (pahina 68)
- 17) **SATOR** Coronados (Pambakod na Cruz) ..... (pahina 69)
- 18) Pangalan ng Dios ..... (pahina 69)
- 19) Panawag sa **SATOR** ..... (pahina 70)
- 20) Susi ng **SATOR** ..... (pahina 70)

## Panalangin sa **SATOR** Coronados:

Dios ng lahat ng mga dios, Panginoon ng lahat ng mga panginoon,  
 ako pô si \_\_\_\_\_ (pangalan),  
 ipinanganak noong \_\_\_\_\_ (kaarawan),  
 na nakatira pô sa \_\_\_\_\_ (tirahan).

Isinasamo ko pô sa Inyo, na ako pô ay patawarin sa aking mga kasalanan.  
 Ipagkaloob pô nawa Ninyo ang bisa ng Aklat na ito para sa ikabubuti.  
 Ako pô ay Inyong gabayan, tulungan, at samahan pô tungo sa ikabubuti.

IAO-VI JOD-HE-VAU-HE. JAH-AHA-HAH. JUA-AHU-HAI.  
 EM-AP-AS-AR-AD-AC-AZ. A-JYE-YU-A. AXXA. AZZA. ACZA.  
 AZ-ZAAX-XAAC-ZAZA-AX-XAAZ-ZAXAZ.  
 AJUB MULAC — JAU-SAX-AHA-ECJA-DAC.

SHADDAI, ADONAI, TIJMNEIK, OMONZION, REBE,  
 AGLA, RAH, ELOHIM, PEDENIJ, OVELA,  
 TZABAOOTH, EHEHIA, NOIJM, ELHANEAH, THEOS,  
 OXURSOIJ, PHALOWAIJ, E RUMOIY, A  
 RUWETZE, ORAY, THEOSY, ATHANATOS, SYWZE.

OHA-HAH-AHA.

AUX-GUNIT-YZUT-YXUN-CUVUD-YNUV-YXU-AGYTY

EGO SUM OCULUM DEUM DEUM REY LUX  
 OJUGUXUO UTULU-ZYDUO  
 EUA-EIA-EUA-EOI-AE  
 SAUXBATUM — LUXEAM  
 XIUXUMUX XIUXUIMUX XAUXUMUX  
 MAURUAM-AUMJURAU-RESUREXIT IAXUA AHA+

Sa limang cruz na nasa loob at labas ng apat na sulok ng mundo,  
 at sa mga arkanghel na umaalalay sa mundo, sumapiling kayo sa akin.  
 Ako ay inyong tanglawan, ingatan, pamahalaan, at iligtas sa lahat ng  
 kapanganiban.

**SATOR. AREPO. TENET. OPERA. ROTAS.**  
**SAUGNAT. ADONADAM. TADHACSAC. OGNAT. REHOP.**

REX CHRISTUM DEUM, IN DEUM MEUM,  
 ABAAM, ABELIM, ABEIS, ABEISTE,

**JAH ENAM — KETHER, CHOKMAH, BINAH, CHESED, GEBURAH,  
TIPHARETH, NETZACH, HOD, YESOD, MALKUTH.**

**JOD-JAH-VAU DALETH SABAOth ZIO AMATOR**

**OJAE REX VERBANTIM**

**ORVI REX VERBUM**

**OCCOACTA REXUM VERBANTIM**

**ONEBEROM REDEUM VERBUM**

**JESUS DOMINE AETERNO,  
JESUS DOMINE SAGRADO,  
JESUS EMMANUEL SALVADOR DEL MUNDO.**

**AC. ACDU. ACDUM. ACDUDUM.**

**JESUS MARIA TRAJOME SUAMBIT PECABIT MIHI SERTA JESUS  
MARIA YSOSALIME YORIGULHUM GAT VESTRUM MUGOM MUNDI  
MITAM MATAM MICAM MACAM JAM VIRGUM DEUS MARIA  
MURIAMUR MISERERE MEI DOMINE. AMEN.**

## Kasaysayan ng SATOR

Noong unang panahon, sa mga panahon ni *Emperador Nero* ng *Imperio Romano*, ang mga *Cristiano* ay pinagpapatay dahil ayaw ni *Emperador Nero* na may ibang kikilalaning dios liban sa kanya. Ang mga sumasamba kay **Jesu Cristo** bilang **Anak ng Dios** ay pinarurusahan at pinagpapatay, kung kaya ang sang-cristianuhan noong araw ay nag-usap para ma-itago nila ang kanilang pananampalataya sa *forma* ng salitâ.

Napagkasunduan nila na ang kanilang gawing **código** ay **Pater noster, Alpha et Omega**, nguni't makikilala pa rin sila bilang *Cristiano* dahil si **Jesu Cristo** ang nagturo ng panalangin bilang “**Ama namin**,” at sa *Aklat ng Pahayag (Apocalipsis)* ni *San Juan*, na ang **Alpha et Omega** ay ang **Dios ng mga Cristiano**.

Hinabi ang mga salitang nabanggit at lumabas ito:

A  
P  
A  
T  
E  
R  
N  
O  
S  
T  
E  
R  
O  
A P A T E R N O S T E R O

Mula sa salitang ito na pa-*cruz*, na sumi-*símbolo* ng pananampalatayang *Cristiano*, nai-*forma* ang oraciong ito:

**S A T O R**  
**A R E P O**  
**T E N E T**  
**O P E R A**  
**R O T A S**

Samakatuwid, ang oraciong ito ay binabanggit ng isang *Cristiano* noong araw upang makilala ng kapwa *Cristiano*, na hindi mapapansin ng mga *Romano*.

Ang salitang ito ay nagka-bisa ng sobra dahil sa *simbolismo* sa likod ng oraciong ito. Ang mga *Cristiano* noong araw ay handang mamatay sa kanilang pananampalataya, at ang kanilang mga buhay ay ini-alay nila sa Dios. Ang oraciong ito ay nagka-bisa ng husto sapagka't napakaraming mga *mártir*, mga *santo* at *santa* ang nag-alay ng buhay para sa sang-cristianuhan.

Sa *literal* na kahulugan, ang kahulugan ng nasabing *oración* ay ang mga sumusunod:

**S A T O R** — Dios Ama, Tagaligtas  
**A R E P O** — na kumikilos, nagbubungkal  
**T E N E T** — na naghahari  
**O P E R A** — sa mga gawa ng tao  
**R O T A S** — at mga ginawang mga bagay

Ang kahulugan at kasaysayan sa likod ng oraciong ito ang nagkakaloob ng kapangyarihan sa mga salitang ito, kung kaya't anumang *oración*, kapag inihuli ang **SATOR**, ay uma-*andar*.

### Ang **SATOR** ay ang *Cruz* sa Mundo:

Ito ang *Cruz* sa *Axis* ng Mundo:

**T**  
**E E T**  
**N**

Ito ang *Cruz* sa Hilaga:

**S**  
**O A R**  
**T**

Ito ang *Cruz* ng Silangan:

**A**  
**P R O**  
**E**

Ito ang *Cruz* ng Kanluran:

**O**  
**R P A**  
**E**

Ito ang *Cruz* ng Timog:

**R**  
**A O S**  
**T**

Ang *cruz* ay sumi-*simbolo* ng sang-cristianuhan, at ang kapangyarihang tinatawagan ng **SATOR** ay kapangyarihan mula sa iba't ibang panig ng mundo kung saan ang mga *Cristiano* ay lumaganap.

## Mga Basag ng **SATOR**

Maraming mga basag ang mga *letra* ng **SATOR**.

Ang **SATOR** ay nahahati sa dalawang bahagi – **hindi Coronados**, at **Coronados**:

Ito ang Basag ng **SATOR** na **hindi Coronados**:

| Titik    | Basag o Bibliato |                      |
|----------|------------------|----------------------|
| <b>S</b> | <b>S</b>         | <b>SALUTATOR</b>     |
| <b>A</b> | <b>A</b>         | <b>ADAM</b>          |
| <b>T</b> | <b>T</b>         | <b>TRAGUELA</b>      |
| <b>O</b> | <b>O</b>         | <b>ORSUM</b>         |
| <b>R</b> | <b>R</b>         | <b>RAVET</b>         |
| <b>A</b> | <b>A</b>         | <b>ALEGATUM</b>      |
| <b>R</b> | <b>R</b>         | <b>RAMAEL</b>        |
| <b>E</b> | <b>E</b>         | <b>EXTACSUT</b>      |
| <b>P</b> | <b>P</b>         | <b>PERULATOR</b>     |
| <b>O</b> | <b>O</b>         | <b>ONABELEM</b>      |
| <b>T</b> | <b>T</b>         | <b>TRAMENDA</b>      |
| <b>E</b> | <b>E</b>         | <b>ENSIUVABIT</b>    |
| <b>N</b> | <b>N</b>         | <b>NOTAMBAT</b>      |
| <b>E</b> | <b>E</b>         | <b>ESTUTUM</b>       |
| <b>T</b> | <b>T</b>         | <b>TENETILSUM</b>    |
| <b>O</b> | <b>O</b>         | <b>ONATOR</b>        |
| <b>P</b> | <b>P</b>         | <b>POPULATOR</b>     |
| <b>E</b> | <b>E</b>         | <b>EMMANUEL</b>      |
| <b>R</b> | <b>R</b>         | <b>RUMACAT</b>       |
| <b>A</b> | <b>A</b>         | <b>AMPILATOR</b>     |
| <b>R</b> | <b>R</b>         | <b>ROTATEM</b>       |
| <b>O</b> | <b>O</b>         | <b>OPSCULUM</b>      |
| <b>T</b> | <b>T</b>         | <b>TEMPLARITATOR</b> |
| <b>A</b> | <b>A</b>         | <b>ADONAY</b>        |
| <b>S</b> | <b>S</b>         | <b>SABAOTH</b>       |

Sinasabing ang bawa't basag at Bibliatong ito ay nagkakaloob ng *fuerza* at kapangyarihan sa mga nagtatangan ng **SATOR** sa kanilang pangangalaga.

Ito naman ang Basag ng **SATOR Coronados**:

| Titik    | Basag o Bibliato   |
|----------|--------------------|
| <b>S</b> | <b>SANCTISSIMO</b> |
| <b>A</b> | <b>ALTISSIMO</b>   |
| <b>T</b> | <b>TRINITATIS</b>  |
| <b>O</b> | <b>OMNIPOTENTE</b> |
| <b>R</b> | <b>REXSUM</b>      |
| <b>A</b> | <b>ACCAGVAM</b>    |
| <b>R</b> | <b>RACAMEL</b>     |
| <b>E</b> | <b>EYSUR</b>       |
| <b>P</b> | <b>PEGLAGUAT</b>   |
| <b>O</b> | <b>OCWIN</b>       |
| <b>T</b> | <b>TEGERMAC</b>    |
| <b>E</b> | <b>EYWIWSIA</b>    |
| <b>N</b> | <b>NIXEBRAT</b>    |
| <b>E</b> | <b>EXURMAT</b>     |
| <b>T</b> | <b>TUCMAT</b>      |
| <b>O</b> | <b>OREAM</b>       |
| <b>P</b> | <b>PIURAUM</b>     |
| <b>E</b> | <b>EIM</b>         |
| <b>R</b> | <b>ROECAM</b>      |
| <b>A</b> | <b>AXIULIM</b>     |
| <b>R</b> | <b>ROQUIT</b>      |
| <b>O</b> | <b>OSUXICO</b>     |
| <b>T</b> | <b>TEYCZY</b>      |
| <b>A</b> | <b>ADICAM</b>      |
| <b>S</b> | <b>SIVOAX</b>      |

Sinasabing ang bawa't basag at Bibliatong ito ay nagkakaloob ng *fuerza* at kapangyarihan sa mga nagtatangan ng **SATOR** sa kanilang pangangalaga. Ito ay **mga susi** upang dumaloy ang kapangyarihan ng **SATOR** sa bumabanggit ng mga Bibliatong ito.

Basag o Bibliato ng **SATOR** na pampa-*andar* ng *oración*:

| Titik    | Basag o Bibliato |
|----------|------------------|
| <b>S</b> | <b>SAHETIKOS</b> |
| <b>A</b> | <b>ALAZALAHA</b> |
| <b>T</b> | <b>TASETIHOT</b> |
| <b>O</b> | <b>OMOBOMO</b>   |
| <b>R</b> | <b>RATESINOR</b> |
| <b>A</b> | <b>AKAZAXA</b>   |
| <b>R</b> | <b>RISINISIR</b> |
| <b>E</b> | <b>EXEDESID</b>  |
| <b>P</b> | <b>POHOMOP</b>   |
| <b>O</b> | <b>OMEFOBO</b>   |
| <b>T</b> | <b>TODOSOT</b>   |
| <b>E</b> | <b>EXEDESE</b>   |
| <b>N</b> | <b>NIGOMIN</b>   |
| <b>E</b> | <b>ESETEEME</b>  |
| <b>T</b> | <b>TISIKISIT</b> |
| <b>O</b> | <b>OLIMELO</b>   |
| <b>P</b> | <b>PINIMINIP</b> |
| <b>E</b> | <b>EZELEZE</b>   |
| <b>R</b> | <b>ROTOROR</b>   |
| <b>A</b> | <b>ASERICARA</b> |
| <b>R</b> | <b>RENISENIR</b> |
| <b>O</b> | <b>OKARIMAJO</b> |
| <b>T</b> | <b>TISEHISIT</b> |
| <b>A</b> | <b>ALAZAHAZA</b> |
| <b>S</b> | <b>SOLAMIZAS</b> |

Susi: **SURCA-URCA-JAC**

Pumili lamang sa mga basag na ito at idugtong sa *oración* na nais mapa-*andar*.  
Kung gaano karaming salita ang *oración*, gayundin karami ang ibabasag mula rito.

Basag ng **SATOR**:

Pangwasak sa masasamang espiritu at mga masasamang kapangyarihan, at panira ng masasamang galing at panghiling sa mga mabubuting bagay:

| Titik    | Basag o Bibliato |                       |
|----------|------------------|-----------------------|
| <b>S</b> | <b>SH</b>        | <b>ADDAI</b>          |
| <b>A</b> | <b>AD</b>        | <b>ONAY</b>           |
| <b>T</b> | <b>TAD</b>       | <b>EKAM</b>           |
| <b>O</b> | <b>OMON</b>      | <b>CION</b>           |
| <b>R</b> | <b>REX</b>       | <b>AL</b>             |
| <b>A</b> |                  | <b>ALOHAYIM</b>       |
| <b>R</b> |                  | <b>RECHMIAL</b>       |
| <b>E</b> |                  | <b>ELOHIM</b>         |
| <b>P</b> |                  | <b>PELE</b>           |
| <b>O</b> |                  | <b>OLAM</b>           |
| <b>T</b> |                  | <b>TETRAGRAMMATON</b> |
| <b>E</b> |                  | <b>EHEHIA</b>         |
| <b>N</b> |                  | <b>NIGAUN</b>         |
| <b>E</b> |                  | <b>ELONO</b>          |
| <b>T</b> |                  | <b>TORAH</b>          |
| <b>O</b> |                  | <b>VELA</b>           |
| <b>P</b> |                  | <b>PANTEOMEL</b>      |
| <b>E</b> |                  | <b>ELIAM</b>          |
| <b>R</b> |                  | <b>ROPHIEL</b>        |
| <b>A</b> |                  | <b>AGLA</b>           |
| <b>R</b> |                  | <b>RUOSO-EL</b>       |
| <b>O</b> |                  | <b>OSSUSELAS</b>      |
| <b>T</b> |                  | <b>TOON</b>           |
| <b>A</b> |                  | <b>AGATHOSWAY</b>     |
| <b>S</b> |                  | <b>SIYBETHO</b>       |

Susi: **YASUWAH AMAZIAH**

**Pamamaraan:**

Upang magamit pang-*contra* sa masasamang espiritu, pumili ng lima sa mga basag na ito, iusal sa isip 3x, saka ihihip sa tuktok 3x. Maaari ring isulat ito sa *salonpas* at itapal sa sikhura ng na-e-espiritu.

Sa paghiling ng mga mabubuting bagay, ay magdasal ng **“Ama namin,”** isunod ang kahilingan, at saka pumili ng 7 sa mga basag ng **SATOR** upang idugtong sa huli.

Sa mabigatang laban sa panggagamot, ay maaaring gamitin ang 25 Basag ng Bibliato ng **SATOR**, saka isunod ang **susi**, upang kumalas na ng tuluyan ang masasamang espiritu sa katawan ng maysakit.

Maaari ring gawing susi ang 25 Basag ng **SATOR**, kung sakaling may nais kang paandarin na *oración*, na pangkagipitan.

Maaari rin itong ibasag sa talisman ng **SATOR** upang higit na tumapang at bumagsik ang bisa ng iyong tangan.

Gamitin lamang sa mabubuting bagay, na hindi makaka-sakit o makapi-pinsala sa kapwa.

Maaari rin itong idasal upang ma-*contra* ang kulam, barang, o mga masasamang espiritu kung nakikipag-*combate* sa mga ito.

Maaaring **susi** ang bigkasin paulit-ulit sa pangkagipitan.

## 25 Susi ng **SATOR** — 1

| Bibliato            | Bisa                                |
|---------------------|-------------------------------------|
| <b>SEGLUIM</b>      | <i>Sa gracia</i>                    |
| <b>ARSUKTOM</b>     | <i>Protección</i>                   |
| <b>TODOSOM</b>      | Tagabulag                           |
| <b>ORBEBOM</b>      | Kabal                               |
| <b>REMBEKLAMIT</b>  | Lunas                               |
| <b>ALAPARIOM</b>    | Tagaliwas                           |
| <b>RUBAYANAT</b>    | Palubag-loob                        |
| <b>EKZEHEZAYE</b>   | Lakas                               |
| <b>POMIKTITOM</b>   | Pambuhay                            |
| <b>OMTALSAT</b>     | <i>Contra</i> kaaway                |
| <b>TROMITOMAM</b>   | <i>Contra</i> takot                 |
| <b>EMERSOKOM</b>    | Kaligtasan                          |
| <b>NELERIKEM</b>    | Pampukaw ng damdamin                |
| <b>ESEYEKET</b>     | Pampalinaw ng isip                  |
| <b>TRUMUDIGNUM</b>  | Tigalpo <i>contra</i> masama        |
| <b>OSOYOSOM</b>     | Pambakod                            |
| <b>PRODIMOS</b>     | Kaliwanagan                         |
| <b>EMETESE</b>      | Pang-alis ng malas                  |
| <b>RESURGEVAT</b>   | Pampalakas                          |
| <b>AMDATOR</b>      | <i>Contra</i> masamang <i>poder</i> |
| <b>RAGERIPOTAS</b>  | <i>Contra</i> masamang espiritu     |
| <b>OGNAMISEYAM</b>  | Pampawi ng galit                    |
| <b>TUTARAEM</b>     | Gamot                               |
| <b>ARATUM</b>       | Kaligtasan                          |
| <b>SITIMTIMISIM</b> | Kapangyarihan                       |

Gawing *mantra* ang isa sa napiling susi, na iuusal 108x, na may masidhing nais, upang mangyari na mapa-*andar* ang susi na nabanggit. Ang susing pipiliin ay *depende* sa pangangailangan.

## 25 Susi ng **SATOR** – 2

| Bisa                         | Susi           |
|------------------------------|----------------|
| Palubag-loob                 | <b>SAMORAS</b> |
| <i>Suerte</i>                | <b>ATEHIMA</b> |
| Lakas                        | <b>TUREHAT</b> |
| Bakod                        | <b>OHATAHO</b> |
| <i>Consagra</i>              | <b>REHEVER</b> |
| Sa alitan                    | <b>ASITASA</b> |
| Pampukaw                     | <b>ROMASAR</b> |
| <i>Pampa-andar</i>           | <b>EXEHEXE</b> |
| Tagabulag                    | <b>PIRINIP</b> |
| Kabal                        | <b>OMUXUMO</b> |
| Pantuklas                    | <b>TUXAZIT</b> |
| Kaligtasan                   | <b>ENORARE</b> |
| Panghalina sa <i>negocio</i> | <b>NUMIMUN</b> |
| Paiba ng isip                | <b>EXEHINE</b> |
| <i>Consagra</i> sa inumin    | <b>TOMANAT</b> |
| Talino                       | <b>OLAMOHO</b> |
| Pakalma                      | <b>PIRARIP</b> |
| Sa pag-uusap                 | <b>ENIHINE</b> |
| Panauli                      | <b>RIPITIR</b> |
| Parami                       | <b>ANAXANA</b> |
| <i>Contra</i>                | <b>RUMITIR</b> |
| Kabuhayan                    | <b>ONAGIRO</b> |
| Pamako                       | <b>TINATIT</b> |
| Pang- <i>contra</i> masama   | <b>ATASANA</b> |
| Pang-alis ng malas           | <b>SANITAS</b> |

Gawing *mantra* ang isa sa napiling susi, na iuusal 108x, na may masidhing nais, upang mangyari na mapa-*andar* ang susi na nabanggit. Ang susing pipiliin ay *depende* sa pangangailangan.

## Banal na Basag ng **SATOR**

Sumisira sa masasamang kapangyarihan, masasamang espiritu,  
at mga *efecto* ng masasamang *mágica*:

| Titik    | Basag o Bibliato      |                        |
|----------|-----------------------|------------------------|
| <b>S</b> | <b>SHADDAI</b>        |                        |
| <b>A</b> | <b>ADONAY</b>         |                        |
| <b>T</b> | <b>TETRAGRAMMATON</b> |                        |
| <b>O</b> | <b>OTHEUS</b>         |                        |
| <b>R</b> | <b>RAHVERAM</b>       |                        |
| <b>A</b> |                       | <b>ALOHAYIM</b>        |
| <b>R</b> |                       | <b>REXDEI</b>          |
| <b>E</b> |                       | <b>ELOHIM</b>          |
| <b>P</b> |                       | <b>PATERDEI</b>        |
| <b>O</b> |                       | <b>OMONCION</b>        |
| <b>T</b> |                       | <b>TUAE</b>            |
| <b>E</b> |                       | <b>ELIUM</b>           |
| <b>N</b> |                       | <b>NAXIO</b>           |
| <b>E</b> |                       | <b>ECCE</b>            |
| <b>T</b> |                       | <b>TUORUM</b>          |
| <b>O</b> |                       | <b>OBTENEMDUMREYUM</b> |
| <b>P</b> |                       | <b>PROTUAM</b>         |
| <b>E</b> |                       | <b>ELIM</b>            |
| <b>R</b> |                       | <b>RUBIEL</b>          |
| <b>A</b> |                       | <b>ANGELI</b>          |
| <b>R</b> |                       | <b>REYVERAM</b>        |
| <b>O</b> |                       | <b>OMNI</b>            |
| <b>T</b> |                       | <b>TIDEUM</b>          |
| <b>A</b> |                       | <b>AGLA</b>            |
| <b>S</b> |                       | <b>SABAOTH</b>         |

Pumili ng sampu sa alin man sa basag at gawing *oración*.  
Makaka-*contra* ito laban sa mga masasamang espiritu,  
palipad-hangin, *efecto* ng mga masasamang *mágica*.

## 25 Pangalan ng Dios na nakapaloob sa **SATOR**

Nagkakaloob ng mga mabubuting kahilingan, nagliligtas sa kapahamakan, nakakapag-alis ng mga masasamang espiritu, at nagpapa-*andar* ng mga talisman, *oración*, at iba pa. Pumili ng sampu sa mga ito at gawing *oración*:

| Titik    | Basag o Bibliato |                       |
|----------|------------------|-----------------------|
| <b>S</b> | <b>S</b>         | <b>SATHER</b>         |
| <b>A</b> | <b>A</b>         | <b>ALONLAM</b>        |
| <b>T</b> | <b>T</b>         | <b>THEOS</b>          |
| <b>O</b> | <b>O</b>         | <b>ORLENIUS</b>       |
| <b>R</b> | <b>R</b>         | <b>REBE</b>           |
| <b>A</b> | <b>A</b>         | <b>AMONZION</b>       |
| <b>R</b> | <b>R</b>         | <b>RECHMIAL-EEL</b>   |
| <b>E</b> | <b>E</b>         | <b>ELOI</b>           |
| <b>P</b> | <b>P</b>         | <b>PALIEMAO</b>       |
| <b>O</b> | <b>O</b>         | <b>OMIKOL</b>         |
| <b>T</b> | <b>T</b>         | <b>THAMA</b>          |
| <b>E</b> | <b>E</b>         | <b>EL-HO</b>          |
| <b>N</b> | <b>N</b>         | <b>NOOSEDU</b>        |
| <b>E</b> | <b>E</b>         | <b>ELOHIM</b>         |
| <b>T</b> | <b>T</b>         | <b>TETRAGRAMMATON</b> |
| <b>O</b> | <b>O</b>         | <b>ONELA</b>          |
| <b>P</b> | <b>P</b>         | <b>PENERION</b>       |
| <b>E</b> | <b>E</b>         | <b>ELOHE</b>          |
| <b>R</b> | <b>R</b>         | <b>RHAB</b>           |
| <b>A</b> | <b>A</b>         | <b>ATHANATOS</b>      |
| <b>R</b> | <b>R</b>         | <b>RA</b>             |
| <b>O</b> | <b>O</b>         | <b>OSSUSELAS</b>      |
| <b>T</b> | <b>T</b>         | <b>THESERYM</b>       |
| <b>A</b> | <b>A</b>         | <b>ALOWIN</b>         |
| <b>S</b> | <b>S</b>         | <b>SASNA</b>          |

## Mga Anghel na nakapaloob sa **SATOR**

| Anghel             | Gawain                                                            |
|--------------------|-------------------------------------------------------------------|
| <b>SHEKINAH</b>    | Nag-aalis ng masamang <i>influencia</i>                           |
| <b>ADONIEL</b>     | Pampa- <i>suerte</i>                                              |
| <b>TZADKIEL</b>    | Paghingi ng <i>justicia</i>                                       |
| <b>OPHIEL</b>      | Sa <i>meditación</i>                                              |
| <b>RAKHANIEL</b>   | Sa talino                                                         |
| <b>AMITIEL</b>     | Kapayapaan, katotohanan, pag-ibig                                 |
| <b>ROELHAIPHAR</b> | Pamigil ng masamang pangyayari                                    |
| <b>EGALMIEL</b>    | Pampalubag-loob ng kapwa                                          |
| <b>PAGIEL</b>      | Sa paghiling                                                      |
| <b>OCH</b>         | Kalusugan                                                         |
| <b>TRSIEL</b>      | Pang- <i>influencia</i>                                           |
| <b>ELAURIA</b>     | <i>Contra</i> masamang espiritu                                   |
| <b>NURIEL</b>      | Laban sa masamang tangkâ                                          |
| <b>EISTIBUS</b>    | Panghuhula                                                        |
| <b>TZAPHQIEL</b>   | <i>Contra</i> masama                                              |
| <b>ORANIR</b>      | <i>Contra</i> masamang mata                                       |
| <b>PHORLAKH</b>    | Upang di matupad ang masamang mga pangarap                        |
| <b>EUCHEY</b>      | Pantaboy ng masasamang espiritu sa pamamagitan ng <i>incienso</i> |
| <b>REKHODIAH</b>   | Bumubura ng kasalanan                                             |
| <b>ASSIEL</b>      | Paggamot                                                          |
| <b>REMLIEL</b>     | Nagtataas ng isipan sa <i>divino</i>                              |
| <b>OTHEUS</b>      | Pantuklas ng yaman                                                |
| <b>TZEDEQIAH</b>   | Katanyagan, kayamanan                                             |
| <b>AZACACHIA</b>   | <i>Contra</i> kaaway                                              |
| <b>SIALUL</b>      | Sa kasaganahan                                                    |

Magdasal ng ukol sa mga anghel, at sabihin ang pangalan ng anghel na tinatawagan sa isip, at sabihin ang nais mangyari.

# Testamento del Cinco Vocales

(Veinticinco Llaves de Potencia)

|   |   |   |   |   |
|---|---|---|---|---|
| S | A | T | O | R |
| A | R | E | P | O |
| T | E | N | E | T |
| O | P | E | R | A |
| R | O | T | A | S |

## Ang 25 Susi ng Kapangyarihan ng SATOR

(Unang Bahagi)

(Pina-lakas at Pina-bagsik)

Ang pagkakaroon ng **Aklat ng 25 Susi ng Kapangyarihan** ay isang malaking *responsabilidad*, sapagka't pinagbibilinan ang nagtatangan na huwag gagamitin ang karunungan ito sa kasamaan, huwag ipagpaparangya o ipagyayabang—sapagkat kapahamakan at pagdurusa ang makakamit ng lalabag sa patakarang ito.

Ang mga *oración* sa Aklat na ito ayon sa kasaysayan, ay napatunayan na mabisa, kung kaya't ibayong pag-iingat ang kinakailangan sa pagtatangan nito.

Ipinagbibilin din ng Aklat na ito na huwag ibubuka ang bibig kung bibigkasin. Sapat na ito ay bigkasin lamang sa isip.

Ipinagbibilin din na huwag pahahakbangan, huwag paglalaruan, huwag tatapakan ang nasabing Aklat na ito. Huwag din dadalhin sa bahay-aliwan ang Aklat na ito sapagka't mawawalan ng bisa.

Ipinagbibilin din ang pagdarasal ng isang “**Sumasampalataya**” hanggang sa salitang “**Ipinako Siya sa cruz,**” saka isunod ang iyong kahilingan.

(S)  
**Unang Susi**  
**Kapangyarihan ng Lakas**

Sa loob ng 7 araw, magkakaroon ka ng pambihirang lakas—sa *material* at *emocional*. Lalawig ang iyong *resistencia*, lulusog ang iyong pangangatawan, at hindi ka magiging masasakitin.

Upang ang kapangyarihang ito ay makamtan, kailangang sundin ang pamamaraang ito:

Kumuha ng 7 *hostia*. Isulat gamit ang lapis ang mga sumusunod na *oración* (isang salitâ bawa't *hostia*):

1. **SALYUTATOR**
2. **EMEGHUM**
3. **THUTHENO**
4. **UMHETHEG**
5. **ROMASH**
6. **MASHCOT**
7. **RAHGASHUL WEGHUM SETRAUM**

Ibadad ang isang *hostia* na sinulatan ng unang salitâ sa kalahating basong tubig at takpan. Gawin ito bago matulog.

Gumising ka ng 4am. Bigkasin sa isip paulit-ulit ang 7 salitang ito hanggang 6am. Pagkatapos, inumin ang tubig na kasama ang *hostia* na sinulatan ng *oración*.

Sa ikalawang gabi, ganito rin ang gawin gamit ang ikalawang salitâ.

Sa ikatlong araw ay ibabad ang ikatlong *hostia* na may ikatlong salitâ sa kalahating basong tubig. Gumising ka sa pagitan ng 2am–7am. Isang oras lamang isasagawâ ang paulit-ulit na pagbanggit ng oraciong ito (iminumungkahi na 4am–5am ito isagawâ).

Ang pamamaraan para sa ika-3 hanggang sa ika-7 salitâ ay magkakapareho. Ito ay gagawin hanggang sa matapos ang 7 salitâ.

Gawin ang mga bagay na ito ng *solo*, na walang nakaka-alam. Kung pumatlang ka ng isang gabi, umulit sa simulâ, hanggang sa matapos ang *ritual* na walang patlang.

**(A)**

### **Ikalawang Susi** **Kapangyarihan sa Giting o Pampalubag-loob**

Sa pamamagitan ng kaparaanang ito ay magkakaroon ka ng kapangyarihang mapaglabanan ang anumang tukso. Mapapaglubag mo rin ang kalooban ng ibang tao.

Upang magkaroon ng kapangyarihang ito ay gawin ang sumusunod na pamamaraan:

Isulat sa *papel de seda* (tissue paper) ang nasabing *oración*. Gamitin ang lapis (isang *papel de seda*, isang salitâ):

1. **AMUP**
2. **SEDPAC**
3. **UMNIP**
4. **MOPSUC**
5. **ENGUHEL**
6. **REMPES**
7. **MATSPOC** (Ito ang Susi)

Ibadad ang isang *papel de seda* na sinulatan ng unang salitâ sa kalahating basong tubig at takpan. Gawin ito bago matulog.

Gumising ka ng 4am. Bigkasin sa isip paulit-ulit ang 7 salitang ito hanggang 6am. Pagkatapos, inumin ang tubig na kasama ang *papel de seda* na sinulatan ng *oración*.

Gagawin ito ng walang patlang sa loob ng 7 araw. Sa ikalawa hanggang ika-pitong araw ay tig-iisang oras lamang uusalin ang *oración*, mula 4am hanggang 5am.

**(T)**  
**Ikatlong Susi**  
**Kapangyarihan sa Tapang**

Sa pamamagitan ng kaparaanang ito ay magkakaroon ka ng tapang upang hindi maging matakutin.

Upang ang kapangyarihang ito ay makamtan, kailangang sundin ang pamamaraang ito:

Kumuha ng 7 *hostia*. Isulat gamit ang lapis ang mga sumusunod na *oración* (isang salitâ bawa't *hostia*):

1. **TAKEM**
2. **USKECSU**
3. **MUKETAM**
4. **TEKSMAC**
5. **EGSKAS**
6. **RAKAC**
7. **MOKOKOS**

Ibadad ang isang *hostia* na sinulatan ng unang salitâ sa kalahating basong tubig at takpan. Gawin ito bago matulog.

Gumising ka ng 4am. Bigkasin sa isip paulit-ulit ang 7 salitang ito hanggang 6am. Pagkatapos, inumin ang tubig na kasama ang *hostia* na sinulatan ng *oración*.

Gagawin ito ng walang patlang sa loob ng 7 araw. Sa ikalawa hanggang ika-pitong araw ay tig-iisang oras lamang uusalin ang *oración*, mula 4am hanggang 5am.

**(O)****Ika-4 na Susi  
Kapangyarihan sa Uhaw**

Kung kayo ay abutin ng matinding pagka-uhaw sa inyong paglalakbay, at walang tubig na makuha o maiinuman, ay bigkasin lamang ang mga sumusunod na *oración* sa inyong isip saka lumunon ng laway upang mawala ang pagka-uhaw. Maaari ring isulat sa pamamagitan ng lapis sa *papel de seda* at lunukin:

1. **OMOSES**
2. **RAMUM**
3. **MUCREZ**
4. **MOWOSE**
5. **MITSEC**
6. **TAMAEM**

Susi: **REMUTERUM**

**(R)****Ika-5 Susi****Kapangyarihan sa Pagsupil ng Sariling Kalooban**

Kung masusupil mo ang iyong sarili, ay masusupil mo rin ang iba. Ito ay mabisang kaparaanan upang masupil ang sarili at maalís ang mga masasamang *vicio*. Magkakaroon ka rin ng kapangyarihang masupil at mapasunod ang iba sa mabuti.

Upang ang kapangyarihang ito ay makamtan, kailangang sundin ang pamamaraang ito:

Kumuha ng 7 *hostia*. Isulat gamit ang lapis ang mga sumusunod na *oración* (isang salitâ bawa't *hostia*):

1. **RECINOXO**
2. **OGYEC**
3. **PRESTUK**
4. **TALPEC**
5. **AMTUPAM**
6. **MICZAOM**
7. **IPSAC TRUSP EMPLITHUM**

Ibadad ang isang *hostia* na sinulatan ng unang salitâ sa kalahating basong tubig at takpan. Gawin ito bago matulog.

Gumising ka ng 4am. Bigkasin sa isip paulit-ulit ang 7 salitang ito hanggang 6am. Pagkatapos, inumin ang tubig na kasama ang *hostia* na sinulatan ng *oración*.

Gagawin ito ng walang patlang sa loob ng 7 araw. Sa ikalawa hanggang ika-pitong araw ay tig-iisang oras lamang uusalin ang *oración*, mula 4am hanggang 5am.

**(A)**  
**Ika-6 na Susi**  
**Kapangyarihan sa Kahinahunan**

Ito ang pamamaraan upang masupil ang kalooban at pag-iisip ng ibang tao. Tinatawag itong tigtalpo—masusubukan sa mga taong galit sa iyo. Mabuti rin ito na pang-awat sa nag-aaway.

Ang paraan ng paggamit ay bigkasin lamang ang mga sumusunod na *oración* bago lumapit sa tao:

1. **AHNAC**
2. **SHORUIZ**
3. **ITLASH**
4. **METSHAM**
5. **UNCYEL**
6. **TADZAT**

Susi: **DAPSALIM-MATZUM**

---

**(R)**  
**Ika-7 Susi**  
**Kapangyarihan sa Kabal o Kunat**

Sinumang nagnanais na mag-angkin ng ganitong kaalaman, ay gawin ang pamamaraang ito:

Isulat ang mga sumusunod na *oración* sa *papel de seda* at ibabad sa alak. Gawin ito sa gabi. Bago umalis ng bahay sa umaga, uminom ng tatlong lagok ng alak na ito, at magkakaroon ka ng kabal sa loob ng 12 oras:

1. **RUPTUOM**
2. **ASUOMEIT**
3. **SAMOG**
4. **UOJAES**
5. **MAXSUOM**

Susi: **NOPLAMIN-EXGUGUOM**

**(E)****Ika-8 Susi  
Kapangyarihan sa Talino**

Upang magkaroon ng bilis ng kaisipan, na may matalas na *memoria*, at maging matalino, lumawak ang unawa, at tumalas ang isipan, ay sundin ang mga sumusunod:

Upang ang kapangyarihang ito ay makamtan, kailangang sundin ang pamamaraang ito:

Kumuha ng 7 *hostia*. Isulat gamit ang lapis ang mga sumusunod na *oración* (isang salitâ bawa't *hostia*):

1. **EMSAT**
2. **SUOCAUM**
3. **AUSEZOT**
4. **TACASAT**
5. **ASHATE**
6. **MUSEGAUM**
7. **DODAOMAXHE-SATHUM**

Simulan sa araw ng *Jueves* ng gabi ang pamamaraang ito.

Ibadad ang isang *hostia* na sinulatan ng unang salitâ sa kalahating basong tubig at takpan. Gawin ito bago matulog.

Sa umaga bago mag-almusal, ay magdasal ng isang “**Sumasampalataya**” hanggang sa “**Ipinako Siya sa cruz.**” Isunod ang mga katagang ito sa isip:

**“Ama ko, ipagkaloob pô Ninyo sa akin ang poder at kapangyarihan ng santong pangungusap na ginagampanan ko ngayon.”**

Pagkatapos, ay inumin ang tubig kasama ang *oración*. Gagawin ito ng walang patlang sa loob ng 7 araw.

Kung kumukuha ka ng pagsusulit o naglulutas ng mga *problema*, magdasal ng isang “**Sumasampalataya**” hanggang sa “**Ipinako Siya sa cruz.**” Isunod ang *oración* ng susing ito, at mangyayaring mas magiging madali ang mga pagsusulit at paglutas ng mga *problema* gamit ang talino.

**(P)**

**Ika-9 na Susi**  
**Kapangyarihan sa Paglalakbay**

Upang maligtas sa anumang sakuna o kapahamakan, isulat ang oraciong ito sa papel at ikalmen:

1. **PROCUOS**
2. **UOSLANE**
3. **MEIYAOLI**
4. **AMSAOM**
5. **UOSEM**
6. **TAOAM**
7. **ENKGUOSI-LABOSALUOM**

**(O)**

**Ika-10 Susi**  
**Kapangyarihan sa Gayuma**

Upang kalugdan ng iba at hindi gawan ng masama, at upang mahalina ang mga *parroquiano* o *cliente* ng iyong tindahan, at upang magkaroon ng maraming mga kaibigan, ay isagawâ ang *ritual* na ito.

Isulat sa *hostia* sa pamamagitan ng lapis ang mga oraciong ito at ibabad sa bagong palayok na malaki, na may tubig na higit sa kalahati:

1. **ORJUM**
2. **RALJUM**
3. **APASJUAM**
4. **MEGJUM**
5. **ACSJO**
6. **TAJAM**

Susi: **SALIBJAR-MAJUM**

Kinabukasan ay ipaligo ang nasabing tubig sa ika-3 ng hapon. Gawin ito ng 7 *Viernes* na walang patlang.

Kung gagamitin ang *oración*, bago manaog ng bahay ay magdasal ng isang “**Sumasampalataya**” hanggang sa “**Ipinako Siya sa cruz.**” Pagkaharap mo na ang taong yaon ay titigan siya sa mata at usalin sa sarili ang *oración* ng tatlong beses (3x) at sabihin mo sa kanya ang iyong nais. Huwag gagamitin ito sa masamang paraan sapagka’t pagdurusahan mo ito.

**(T)**

### Ika-11 Susi Kapangyarihan sa Apoy

Upang ang kapangyarihang ito ay makamtan, kailangang sundin ang pamamaraang ito: Kumuha ng 7 *hostia*. Isulat gamit ang lapis ang mga sumusunod na *oración*:

1. **TEGMUMUC**
2. **ALEDAOM**
3. **SIKWAUC**
4. **MUSTUM**
5. **LE TSAUC**

Ibadad sa 3 basong tubig ang oraciong ito. Gawin ng *Jueves* ng gabi. Sa umaga, ilagay ang bagong palayok at pakuluan gamit ang bao, kahoy, o uling na gatong. Pagkaraan ng isang oras ng pagpapakulo, kunin ang mga bagang kahoy o uling at ilubog sa pinakuluang tubig. Pagkatapos ay palamigin ang tubig, salain at inumin.

Gawin ito ng sunud-sunod sa loob ng 30 araw. Kung masunod mo ito at buo ang iyong pananalig, kahit dumampot ka ng apoy o бага ay hindi ka masasaktan o maiinitan.

**(E)**

### Ika-12 Susi Kapangyarihan sa Hating-Gabi

Upang magkaroon ng kapangyarihang makakita sa gabi, ay isagawâ ang *ritual* na ito:

Humanap ng batong kalog. Ibadad ito sa tubig. Gawin ito sa gabi bago matulog. Inumin ang tubig sa umaga. Gawin ito ng walang patlang sa loob ng 67 araw. Ang oras ng pag-inom ay ika-1am. Kung sumapit na ang ika-64 na araw, ay ibalot ang bato sa *papel de seda* na sinulatan ng sumusunod na mga *oración*:

1. **EGULSOM**
2. **SULYMUM**
3. **UGYUNES**
4. **MAGSETZOR**
5. **OCZATIFON**
6. **OSSAXIT**
7. **TAXZIL**

(N)

**Ika-13 Susi****Kapangyarihan sa Pagpapahaba ng Buhay**

Isulat sa *hostia* gamit ang lapis ang mga sumusunod na *oración* at lunukin bago kumain sa umaga (gawin ito ng sunud-sunod na 9 na araw):

1. **NELANUD**
2. **OLADAUM**
3. **LAYASES**
4. **PAWETASA**
5. **CATALA**
6. **HAUMEC**
7. **INZASAY**
8. **ESATOMEGA**
9. **TALASUMIT**
10. **AGYSUM**

Susi: **MAETEXAH**

(E)

**Ika-14 na Susi****Kapangyarihan sa Pagpapabalik**

Upang mapabalik ang lumayas, at maibalik ang ninakaw, ay isagawâ ang *ritual* na ito:

Kunin ang bakas ng tao o hayop o kaya damit ng lumayas at ilagay sa garapon at isama ang sinulat na mga *oración*. Ilagay ang garapon sa palayok na may tubig. Takpan ang palayok, saka gatungan ng 3 oras.

1. **ETRAZ**
2. **XACTISYER**
3. **QUYNAUT**
4. **YUDAM**
5. **TRASAUN**
6. **AUMAY**
7. **MACZEY**

**(T)****Ika-15 Susi  
Kapangyarihan sa Gutom**

Kung kayo ay abutin ng matinding gutom sa inyong paglalakbay, at walang pagkain, ay bigkasin lamang ang mga sumusunod na *oración* sa inyong isip saka suminghot ng hangin sa ilong at ilabas sa bibig:

1. **TICTAUMER**
2. **ESAMPAMAO**
3. **REBLERMALSUM**
4. **MAGRA**
5. **TIUMAYMAUC**
6. **MITSAIT**
7. **RAROM-TAROT**

Gawin ito tatlong beses (3x) at mapapawi ang kagutuman.

**(O)****Ika-16 na Susi  
Kapangyarihan sa Paggagamot**

Isa-ulo ang mga sumusunod na *oración*:

1. **OMEGER**
2. **COLESAUM**
3. **TRAGYUHELA**
4. **URYAMUT**
5. **SULTEAM**

Susi: **EXQYUHERYO-VENCYOHER**

Ibulong ang oraciong ito sa isang basong tubig at ipa-inom sa maysakit. Maaari ring isulat ito sa isang papel at itapal sa bahaging may karamdaman.

**(P)****Ika-17 Susi  
Kapangyarihan sa Mesmerismo**

Isa-ulo ang mga sumusunod na *oración*:

1. **PAXSAM**
2. **ETHOZUT**
3. **TRETAUM**
4. **ENCENYUM**
5. **RATUASAK**

Susi: **MIMAUENZA**

Bigkasin ng pabulong ang nabanggit na *oración*, ihihip sa palad at ikumpas sa harapan ng hayop na mabangis at sambitin ang salitang “**Huwag kang kumibo.**”

**(E)****Ika-18 Susi  
Kapangyarihan sa Pagtulog**

Mainam ito sa hindi makatulog sa gabi. Kapag isinagawâ ito ay makakasa na mahihimbing sa pagtulog at maliligtas sa masamang panaginip o bangungot.

Ibulong ang oraciong ito sa isang basong tubig at inumin bago matulog:

1. **ERYAM**
2. **POPHTALO**
3. **MAMSOH**
4. **HOSER**
5. **TRAGYUWAW**

**(R)**

### Ika-19 na Susi Kapangyarihan sa Palos

Sa sinumang magtataglay ng kapangyarihang ito ay makakawala o makaka-alis sa anumang pagkakagapos o pagkakatali ng lubid, posas, tanikala, kadena, at iba pa. Lalong mabisa kung malalangkapan ng bungo ng taong lalake, at magsisilbing bantay sa bahay.

Paraan ng pagkuha ng bungo ng tao: Pumunta sa libingan ng 8pm. Puntahan ang tambakan ng bungo ng tao. Ikumpas ang kanang kamay pakaliwa na naka-unat ang panggitnang daliri at isalat sa mga bungo. Kapag sa mata natusok ang bungo, iuwi mo ito sapagka't ikaw ay pinalad. Pagdasalan ang may-ari ng bungo tuwing gabi at isunod ang *oración*:

1. **RAYIM**
2. **EXPLOH**
3. **XECYULAN**
4. **MEXCYU**
5. **ILYAUM**
6. **LAHANIT**

**(A)**

### Ika-20 Susi Kapangyarihan sa Pagtawag sa Tao

Kumuha ng isang basong tubig. Gawin ito ng 12am. Magdasal ng “**Sumasampalataya**” hanggang sa “**Ipinako Siya sa cruz**,” isang “**Ama namin**” hanggang sa “**langit, gayon din naman sa lupa**,” at isang “**Avé María**” hanggang sa “**pinagpala ang bunga ng iyong sinapupunan na si Jesus**.”

Pagkatapos, ibulong ang **pangalan** at **apellido** ng taong nais na tawagan at isunod ang *oración* na sumusunod:

1. **AGHACLAHT**
2. **RATHOCYAHA**
3. **ACSHUM**
4. **ETHACTHAMAT**

Susi: **TAGCHETCHAYUL**

Kulungin ng kamay ang bunganga ng baso na may tubig at matapos banggitin ang *oración* ay ihihip sa baso na hininga lamang ang nakakapasok. Gawin ito tatlong beses (3x). Takpan ang baso at pagdating ng iyong tinawagan ay itapon ang tubig.

**(R)**  
**Ika-21 Susi**  
**Kapangyarihan ng Tagabulag**

Kung magkaroon ka ng kaaway at nais mong dumaan sa kanilang pook ng ligtas, isulat ito sa *hostia* o malinis na papel sa pamamagitan ng lapis ng pabilog at gupitin ito ng pabilog:

1. **RAGUBOT**
2. **USLAUT**
3. **TAMUTIMAIT**
4. **ULAHIT**
5. **NUYNAC**
6. **SATAWREYMAHUM**

Lunukin ito at hindi ka mapapansin ng iyong mga kaaway.

---

**(O)**  
**Ika-22 Susi**  
**Kapangyarihan sa Pamarusa**

Nagkakabisa lamang ito kung mabigat ang pagkakasala sa iyo ng tao. Hindi ito tatalab kung walang kasalanan sa iyo ang pinatutungkulan.

Isulat sa malinis na papel ang pangalan ng taong nagkasala ng mabigat at isunod ang oraciong ito:

1. **OSBUT**
2. **ULMEB**
3. **TREYG**
4. **SALYT**
5. **ANABAC**

Susi: **ROBOFWEGOM**

Magdasal ng **“Sumasampalataya”** hanggang sa **“Ipinako Siya sa cruz,”** saka hilingin ang nais mangyari sa taong nagkasalang mabigat sa iyo.

**(T)**  
**Ika-23 Susi**  
**Kapangyarihan sa Hukbo**

Upang makaligtas sa mga masasamang pagtangka ng mga taong sumusubaybay sa iyo kung ikaw ay naglalakad sa ilang na pook.

Kumuha ng isang palito ng posporo o dumampot ng bato at ibulong ang mga sumusunod na *oración*:

1. **TANUTALAHE**
2. **RACUSALIBE**
3. **ESUMAT**
4. **SAGLA**
5. **TUMATEMAUX**
6. **TROTUMUHELO-RITAMEHO**

Ihagis sa likuran at huwag lilingon at magpatuloy sa paglakad. Hindi ka masusundan ng mga taong sumusubaybay sa iyo.

---

**(A)**  
**Ika-24 na Susi**  
**Kapangyarihan sa Panlunas**

Panggamot sa buni, an-an, pigsa, at kolebra gamit ang bawang o sibuyas.

Kumuha ng sibuyas o bawang. Hiwain ito sa gitna. Kunin ang kaputol o kapisaso at ibulong ang oraciong ito ng tatlong beses (3x):

1. **ANADARUM**
2. **BAITYAM**
3. **OKASABO**
4. **TAGITANI**
5. **ESAMYRA**
6. **MALATIMOHA-EBAOT**

Pahiran ang parteng *afectado* ng tatlong beses (3x) pa-ikot saka itapon ang sibuyas o bawang na ginamit.

**(S)****Ika-25 Susi  
Kapangyarihan sa Mata**

Kung magawâ mo ang kaparaanang ito, tataglayin mo ang kapangyarihang matitigan ang araw sa katanghalian. Walang pangkaraniwang tao ang makakatagal sa pagtitig sa iyo. Masusupil mo ang kasamaan ng isang tao o hayop.

Sa umaga bago sumikat ang araw ay abangan ang araw sa pagsikat. Habang sumisikat ang araw ay titigan ito ng walang kurap at paulit-ulit na usalin ang oraciong ito:

1. **SABXAT**
2. **RABXAT**
3. **CAKSALXAP**
4. **ASTULAM**
5. **TRISAU**
6. **CYALITINAWZ**
7. **EGSATYMEGO**
8. **BALABAITACHE-MUM**

## Ang 25 Susi ng Kapangyarihan ng SATOR

(Ikalawang Bahagi)

**(S)**

### **Unang Susi Kapangyarihan Contra Kaaway**

Upang maalis ang galit sa iyo ng mga kaaway, upang ang mga masasamang bantâ ay hindi matuloy, at iba pang tulad nito, ay usalin sa sarili ang oraciong ito ng paulit-ulit hanggang sa makabisado. Kung ito ay masa-ulo na, ay banggitin ang oraciong ito ng 25 beses na ang huling beses ay idugtong ang salitang “**walang kaaway ang makakalapit sa akin.**”

1. **SAOCUM**
2. **EDRIEL**
3. **KRESAKAM**
4. **ABRUSEM**
5. **DYNAJAT**
6. **IMOYKEZ**
7. **MAITRAM**

---

**(A)**

### **Ikalawang Susi Kapangyarihan ng Tagabulag**

Kung magkaroon ka ng kaaway at nais mong dumaan sa kanilang pook ng ligtas, isulat ito sa *hostia* o malinis na papel sa pamamagitan ng lapis ng pabilog at gupitin ito ng pabilog:

1. **AMATAM**
2. **LIMOTAMI**
3. **LIMATAM**
4. **KONTRA**
5. **BESTAM**

Lunukin ito at hindi ka mapapansin ng iyong mga kaaway.

**(T)**  
**Ikatlong Susi**  
**Kapangyarihan ng Tagaliwas**

Upang ang kapangyarihang ito ay makamtan, kailangang sundin ang pamamaraang ito:

Kumuha ng 8 *hostia*. Isulat gamit ang lapis ang mga sumusunod na *oración* (isang salitâ bawa't *hostia*):

1. **TABORI**
2. **MUJURSET**
3. **LIWASIWAS**
4. **COBLETUM**
5. **DUROMARIT**
6. **ELOPASAM**
